DepEd Advisory No. 372, s. 2015
December 28, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

IKAPITONG PAMBANSANG KONGRESO SA WIKANG FILIPINO NG KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO SA FILIPINO (KASUGUFIL)

Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL) ay magsasagawa ng *Ikapitong Pambansang Kongreso sa Wikang Filipino* na may temang *Pinayamang Kaalaman sa Pagtatamo ng Iba't Ibang Literasi sa Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya, Sekundarya at Senior High School* sa Abril 19 hanggang 22, 2016 sa Baguio Teachers Camp (Senior Mess), Lungsod Baguio.

Ang layunin ng Kongreso ay ang mga sumusunod:

1. mabigyang halaga ang mga kapaki-pakinabang na mga literasi bilang salamin ng pagtuturo sa Filipino;
2. matalakay ang paraan ng integrasyon ng media literasi sa pagtuturo ng Filipino sa Elementarya, Sekundarya, at Senior High School;
3. maiugnay ang cultural literasi sa pagpapahalaga at pagsusuring pampanitikan; at
4. masuri ang tula noon at ngayon gamit ang iba't ibang teknik at estratehiya para sa pamantayan ng pagganap.

Ang inaanyayahang dumalo sa Kongreso ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga piling guro sa mga paaralang publiko at pribado sa antas elementarya, sekundarya at Senior High School.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at kawani sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- Bb. Gloria I. Alday
  Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL)
  Mobile Phone: 0928-754-8418; 0977-499-1386

- Bb. Sandor B. Abad
  Telepono: (02) 736-2525 local 107
  Mobile Phone: 0908-697-8491

Alma/DA ikapitong pambansang kongreso sa filipino
0811-December 17/23, 2015